***Maikling Paliwanag:***

Ang gabay at tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido at kalakip na paliwanag sa mga ito ay inamyendahan at muling inilalathala ng KTKS. Ang mga amyenda ay isinulat ng KTKS alinsunod sa mga susog ng Ika-10 Plenum ng Komite Sentral.

Sumusunod ang mga mayor na amyenda:

1. Pagbibigay-diin sa saligang mga prinsipyo at layunin sa pag-iwas sa pagtatalik ng magkasintahan. Kaugnay nito, pagpuna, paalala at edukasyon ang katugong aksyon sa mga kahinaan sa pag-iwas at hindi paglalapat ng aksyong pandisiplina.

2. Sa paggagawad ng diborsyo, pag-alis ng rekisitong pagsubok ng isa pang taong pagsasama sa kaso ng seryosong paghingi ng diborsyo ng isa sa mag-asawa at anim na buwan sa kaso ng parehong paghingi ng diborsyo ng mag-asawa. Sapat na ang masusing pagsusuri sa kaseryosohan ng ihinahapag na diborsyo, mga batayan ng kahilingan at mga nakaraang pagsisikap na iligtas ang relasyon—para kagyat na pagpasyahan ang diborsyo.

3. Pagbibigay sa komiteng kinapapalooban ng magkasintahan o di kaya'y sa pagkakasundo ng mga komiteng nakasasaklaw sa kanila, ng karapatang magpasya ng pahintulot sa kasal, kapalit ng dating rekisitong iakyat at pagpasyahan ng kagyat na nakatataas na organo.

4. Higit na pag-iiba-iba sa katangian at bigat ng mga kasong linalapatan ng aksyong pandisiplina upang maiwasan ang labis na paghusga sa lala ng mga paglabag.

5. Pag-iiba ng mga kasong saklaw ng aksyong administratibo ng Partido at mga kasong kriminal na dapat isampa at litisin sa hukumang bayan.

6. Pagdadagdag ng hiwalay na seksyon tungkol sa pagkilala at paggalang sa pagbubuo ng relasyon ng magkapareho ang kasarian at paglalapat dito nang walang pagtatangi ng mga gabay, tuntunin at prinsipyo sa pagkakasintahan at pag-aasawa.

Iniayon ang ibang bahagi ng gabay at kalakip na paglilinaw sa naturang mayor na mga amyenda. Ang iba pang amyenda ay kaugnay ng higit na malinaw na presentasyon at estilo ng pagkakasulat. Hinihikayat ang mga yunit at kasapi ng Partido na magpaabot ng kanilang mga palagay, obserbasyon at mungkahi sa inamyendahang mga tuntunin.

KTKS

# Mga Gabay at Tuntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido

Sa Partido Komunista ng Pilipinas, nananaig sa pag-aasawa at lahat ng bagay kaugnay nito ang rebolusyonaryong interes ng mamamayan. Ipinapalagay na may pag-ibig (sex love), bagay na may batayang personal. Ngunit bilang mga kasapi o kandidatong kasapi ng Partido, nagkukusa tayong ipailalim ito sa pagmamahal sa kauri (class love), ibig sabihin, sa pananalig at pagtataguyod sa rebolusyonaryong mithiin ng Partido at ng proletaryado.

## *A. Pagliligawan*

1. Ang panliligaw ay karapatan ng mga kasapi o kandidatong kasapi na walang asawa o kasintahan. Gayunman, kusang ipinapailalim ang karapatang ito sa pagpatnubay at disiplina ng Partido.
2. Para makapanligaw, ang kasapi o kandidatong kasapi ay kailangang kumuha muna ng tahasang pahintulot ng yunit ng Partido na namamahala sa kanyang gawain. Kung ang liligawan ay kabilang sa ibang yunit ng Partido, ang yunit ng manliligaw ang magpapaabot sa kabilang yunit at hihingi ng pahintulot sa panliligaw basta't payag ang liligawan.
3. Kung ang isang kasapi o kandidatong kasapi ay nais manligaw sa isang di kasapi, minamabuting may sapat na batayan na ang liligawan ay maaaring maging kandidatong kasapi man lamang sa loob ng anim na buwan matapos ibigay ang pahintulot.
4. Kung ang isang kasapi o kandidatong kasapi ay nililigawan sa loob o labas ng Partido, kanyang ipagbibigay-alam ito sa yunit na kanyang kinabibilangan na siyang magbibigay ng pahintulot. Kung ang nais manligaw o nanliligaw ay hindi kasapi ng Partido, minamabuting may sapat na batayang siya ay maaaring maging kandidatong kasapi man lamang sa loob ng anim na buwan matapos ibigay ang pahintulot.
5. Ang kasapi o kandidatong kasapi ay hindi pahihintulutang lumigaw o magpaligaw sa sinumang itinuturing na traydor o sagadsaring kontra-rebolusyonaryo o di kaya'y may balak na maglayo sa kanya sa rebolusyonaryong gawain. .
6. Ang kasapi o kandidatong kasapi na nakatalaga sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan at iba pang gawaing buong-panahon ay hindi pahihintulutang lumigaw o ligawan hanggang hindi nakatatapos ng isang taon sa serbisyo.
7. Walang pahihintulutang manligaw o magpaligaw sa higit sa isa sa isang panahon. Kung may magkasabay na nagpapaalam sa panliligaw, ang liligawan ang magpapasya kung sino ang mauuna. Kung may nais manligaw sa isang nililigawan na, pwedeng ipaabot sa nais ligawan at sa nanliligaw na ang gayong intensyon—sa pamamagitan ng kinauukulang mga organo; pero hindi pa siya pwedeng manligaw hangga't hindi pa nagpapasya ang nais ligawan.

8. Bago magpakasal, minamabuting hindi iigsi sa isang taon ang panahon ng pagkakasintahan. Isasaalang-alang kaugnay nito ang tagal ng pagkakakilala o edad ng magkasintahan.
9. Walang pahihintulutang manligaw o magpaligaw sa sinumang hindi pa itinuturing ng Partido na lusaw na ang kasal sa iba.
10. Dapat iwasan ang pagtatalik bago makasal. Layunin nitong pangalagaan ang kababaihan laban sa pagsasamantala at bigyan ng sapat na panahon ang paghahanda para sa mga responsibilidad sa pagpapamilya habang nagrerebolusyon.

### *B. Kasal*

1. Ang kasal ay seryosong bagay na dapat mahusay na paghandaan ng mga nais magpakasal at ng kinauukulang yunit o mga yunit ng Partido.
2. Tulad ng mga rekisito sa ligawan ang mga rekisito para ibigay ng kinauukulang mga yunit ng Partido ang pahintulot sa pagpapakasal.
3. Ang kahilingan sa pagpapakasal ay tatalakayin ng yunit o mga yunit ng Partido na kinabibilangan ng magkasintahan at pagkakaisahan kung pahihintulutan. Ang seksyon ang pinakamababang organo ng Partido na pwedeng magbigay ng pahintulot sa pagpapakasal.
4. Matapos ibigay ng kinauukulang namumunong organo ang pahintulot, pipili ang mga magpapakasal ng isang kadreng magkakasal mula sa yunit nila o sa yunit na nakatataas. Ang kadreng magkakasal ang mangangasiwa sa seremonya sa kasal, panunumpa sa kasal at pirmahan ng kontrata sa kasal.
5. Kailangan ang tatlo o higit pang saksi o isponsor na pipiliin o iimbitahin ng pares na magpapakasal upang dumalo sa seremonya ng kasal. Sa mga saksi o isponsor, hindi dapat bumaba sa dalawa ang ganap na kasapi ng Partido.
6. Bago ang kasal, mag-uusap ang mga magpapakasal, isponsor at kadreng magpapakasal at doon ay isasalaysay ng mga magpapakasal ang kasaysayan at katuturang pampulitika ng kanilang relasyon, susuriin nila ang isa't isa at pupunahin ang sarili at ang isa't isa. Maaaring tanungin sila ng mga kaharap nila tungkol sa kanilang relasyon o mga bagay na may kaugnayan doon, at papayuhan sila tungkol sa pagpapaunlad ng kanilang relasyon.
7. Sa seremonya sa kasal, isasaad at ipaliliwanag ng nagkakasal ang mga karapatan at obligasyon ng mag-asawa tulad ng sumusunod.
    a. Ang katapatan sa isa't isa'y kaalinsunod ng katapatan sa rebolusyonaryong simulain.
    b. Ang rebolusyonaryong pagpapalaki at pagpapaaral sa mga anak; at
    k. Ang paglapit ng mag-asawa o sinuman sa kanila sa mga isponsor sa kasal, mga organo ng Partido o nagkasal tungkol sa anumang problema ng mag-asawa o pamilya.
8. Habang ang ikinakasal ay pinag-iisa ng pulang bandila ng Partido bilang kapang nag-uugnay sa kanila, bibigkasin nila sa pamumuno ng nagkakasal ang sumusunod na sumpa na nasa Kontrata sa Kasal sa Loob ng Partido:

*“Kami (banggitin ng isa’t isa ang pangalan sa pakikibaka) ay kusang loob na nagkakaisang dibdib bilang mag-asawa sa araw na ito.*

*“Bilang mga kasapi (o kandidatong kasapi) ng Partido, buong puso kaming nakatalaga sa pagtupad sa aming tungkulin sa rebolusyon at puspusang magsisikap upang ito’y isulong.*

*“Nanunumpa kaming tutupdin ang mga tungkulin sa isa’t isa at igagalang ang karapatan ng isa’t isa alinsunod sa mga tuntunin ng Partido tungkol sa kasal.*

*“Walang sinuman sa amin ang maaaring humiwalay sa aming relasyong mag-asawa nang walang makatarungang dahilan at nang walang pahintulot ng Partido.*

*“May karapatan kaming sumangguni sa Partido at humingi ng payo rito kailanma’t may suliranin kami. May karapatan din ang bawat isa sa amin na magharap ng anumang kahilingan sa ikatutupad ng aming kasunduan bilang mag-asawa.*

*“Kami ay nanunumpa na walang sinuman sa amin ang magiging hadlang sa pangkalahatang kapakanan ng rebolusyon at ng mamamayan.”*

9. Magkakabisa ang kasal matapos pirmahan ng ikinakasal, mga isponsor o saksi at ng nagkakasal ang kontrata sa kasal.
10. Minamabuti na ang mga kasapi ng Partido na unang ikinasal sa labas ng Partido ay muling magpakasal sa loob ng Partido alinsunod sa seremonyang nakasaad sa Blg. 5 hanggang Blg. 8 sa itaas.

### *K. Diborsyo*

1. Dahil una’y hinihingi ang pinag-isipan at seryosong paghahanda sa kasal, sinisikap ng Partido na pigilan ang pagbaling sa diborsyo sa paglutas sa mga suliranin ng mag-asawa.
2. Ipagkakaloob ang diborsyo sa isa sa mag-asawa kapag napatunayang tuluy-tuloy na humahadlang sa kanyang rebolusyonaryong gawain o naging traydor o sagadsaring kontra-rebolusyonaryo ang isa pa.
3. Ipagkakaloob ang diborsyo kapag hinihingi ng isa sa mag-asawa at may katibayan na ang asawang gustong diborsyohin ay may kaso ng pagtataksil sa asawa, pagdadalawang-asawa (bigamya), pagmamalupit o pagtatangka sa buhay ng asawa.
4. Ipagkakaloob ang diborsyo sa mga kasong ang isa sa mag-asawa ay hindi na makatupad sa tungkulin bilang asawa nang mahigit sa limang taon, dahil sa paghadlang ng kaaway o permanenteng kapansanang pisikal, kung pagkakasunduan ng mag-asawa. Kung ang kapansanan ay sa utak at hindi gumagaling, pwedeng ipagkaloob ang diborsyo pagkaraan ng tatlong taon.
5. Ipagkakaloob ang diborsyo kapag ang isa sa mag-asawa ay kusang lumisan nang dalawang taon sa kanyang pananagutan sa kasal o kaya’y nawala at walang ugnay nang limang taon.
6. Ipagkakaloob ang diborsyo kapag iginigiit ng mag-asawa o ng sinuman sa kanila dahil sa mga personal na di pagkakasundo na nagbunga ng pagkasira ng relasyon, at ang

relasyon ay nagiging malaking pabigat na sa mag-asawa at sa mga gawain nila sa Partido. Gayunman, kailangan ang pinakamasusing pagsusuri sa mga kasong ganito, ang pagtiyak na seryoso talaga ang paghingi ng diborsyo at ang mga batayan nito, at pagkaraang mapatunayang nabigo ang mga hakbang para subuking iligtas ang relasyon.

7. Kapag may diborsyo, titiyakin ng Partido na mahusay na napangangalagaan ang mga anak.
8. Kapag ang isa sa mag-asawang pinagkalooban ng diborsyo ay hindi kasapi ni kandidatong kasapi ng Partido, sikaping ilinaw sa kanya ang batayan o mga batayan ng diborsyo. Sa pagsusuri at pagdinig ng aplikasyon sa diborsyo, dapat kunin ang panig ng asawang nasa labas ng Partido, basta't pinahihintulutan ng kalagayan sa seguridad.
9. Ang aplikasyon sa diborsyo ay pakikinggan at pagpapasyahan ng komite ng tatlo na lilikhain ng namumunong organo na nakasasaklaw sa mag-asawa, subalit ang komite ng tatlo ay hindi maaaring bumaba sa antas ng komite ng Partido sa seksyon. Kung may parusang kailangang igawad kaugnay ng kaso sa diborsyo, ang komite ng tatlo ay gagawa ng rekomendasyon tungkol dito sa kinauukulang organo ng Partido.

## *D. Aksyong Pandisiplina*

Ang sumusunod na mga malubhang paglabag sa mga tuntunin na ito ay magagawaran ng karampatang aksyong pandisiplina:

1. Ang pagkakaila sa katayuang may-asawa ay magagawaran ng aksyong pandisiplinang demosyon sa katungkulan.
2. Ang malubhang pagbabanta at pananakot sa panliligaw ay magagawaran ng aksyong pandisiplinang mula sa minimum na suspensyon sa pagiging kasapi ng Partido hanggang sa maksimum na pagtitiwalag.
3. Ang paggamit ng dahas sa panliligaw ay magagawaran ng aksyong pandisiplina na mula sa minimum na suspensyon sa pagiging kasapi ng Partido hanggang sa pagtitiwalag.
4. Ang pangangako ng posisyon, paggamit sa posisyon at pagpapanggap na mataas ang posisyon, para mapasagot ang nililigawan ay magagawaran ng aksyong pandisiplinang mula sa minimum na demosyon sa katungkulan hanggang isang taong suspensyon sa pagiging kasapi sa Partido.
5. Ang panliligaw sa may asawa o kasintahan na ay magagawaran ng aksyong pandisiplinang babala at pangangaral.
6. Ang mga kaso ng panliligaw nang walang pahintulot kapag wala pa sa katayuan ang nanliligaw o nililigawan at nagbubunga ng malalaking problema sa seguridad at sa pulitika ay magagawaran ng aksyong pandisiplinang babala at pangangaral. Ang panliligaw na walang pahintulot kapag nasa katayuan ang nanliligaw at nililigawan ay hindi gagawaran ng aksyong pandisiplina bagamat pupunahin.
7. Ang pagdadalawa o higit pang kasintahan ay magagawaran ng aksyong pandisiplinang mula sa minimum na demosyon sa katungkulan, paglilipat ng gawain hanggang sa maksimum na suspensyon sa pagiging kasapi sa Partido.

8. Ang malulubhang paglabag sa kasal tulad ng sukdulang pagtataksil sa asawa, pagdadalawang-asawa, kalupitan o pagtatangka sa buhay ng asawa ay magagawaran ng aksyong pandisiplinang mula sa minimum na suspensyon sa pagiging kasapi ng Partido hanggang sa pagtitiwalag.

Sa mga kasong walang tiyak na taning ang suspensyon sa pagiging kasapi ng Partido, ipinapaubaya sa kinauukulang mga komite ang pagtatakda nito alinsunod sa pagsusuri sa bigat ng nagawang paglabag.

Sa mga kaso na may katangiang kriminal at may sapat na batayan para ipagsakdal sa hukumang bayan, titiyaking naigagawad ang karampatang aksyong pandisiplina ng Partido at nalilinaw ang katayuan sa Partido bago pormal na isampa ang kasong kriminal sa hukumang bayan.

Ang karampatang aksyong pandisiplina sa mga partikular na kaso ay pagpapasyahan ng kaukulang mga komite alinsunod sa pangkalahatang mga prosesong itinatakda sa Saligang Batas ng Partido.

Dapat tiyakin ang masusing pagsusuri sa kaso at pagtitimbang sa mga sirkunstanyang nagpapabigat at nagpapagaan sa kaso.

Sa iba pang mga kaso sa paglabag sa mga tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido na hindi nasaklaw ng paghahanay dito, ipinapaubaya sa kinauukulang mga komite ang pagharap sa mga ito. Hinihinging iulat ang mga ito upang maidokumento at masaklaw ng istandard na gabay sa paglalapat sa aksyong pandisiplina.

## *E. Paglalapat sa Relasyon ng Magkaparehong Kasarian*

1. Kinikilala at iginagalang ng Partido ang karapatan sa pagpili ng kasarian ng indibidwal na kasapi ng Partido.
2. Ang mga saligang prinsipyo at tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido ay aplikable sa kanilang mga kaso.

Inamyendahan ng:
KTKS

Alinsunod sa mga susog ng:
Ika-10 Plenum ng Komite Sentral

# Ilang Paliwanag sa mga Tuntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido

### 1. *Bakit kailangan ang mga tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido?*

Mga demokratikong karapatan ng bawat kasapi ng Partido - at bawat indibidwal sa lipunan - ang kalayaan sa pag-ibig at ang karapatang maging maligaya sa pag-aasawa. Hindi dapat sagkaan ang malayang pagpili ng sinuman sa kanyang iibigin at pakakasalan.

Sa kabilang banda, tutol tayo sa anarkismo o sa walang kontrol na pagbibigay-laya sa gusto ng bawat indibidwal. Ang anarkismo sa pag-ibig ay nagbubunga ng paglapastangan sa karapatan ng iba, iresponsableng pagpasok at paglabas sa relasyon, at maluwag ma moralidad. Ito'y salungat sa layunin nating itatag ang lipunang makatarungan at progresibo at sa tungkulin nating hubugin ang mga tao at pamilyang proletaryo na walang humpay na lalaban para makamit ang layuning ito.

Sa pag-ibig, may kalayaan at disiplina, mga karapatan at responsibilidad; may bahaging sa damdamin at bahaging sa prinsipyo. Alinsunod sa pananaw na ito, gumawa tayo ng mga tuntunin para magabayan ang lahat ng kasapi at yunit ng Partido.

Ang unang layunin ng ating mga tuntunin ay ang pangangalaga sa interes ng Partido at rebolusyon. Ang ikalawa'y ang pangangalaga sa mga karapatan ng bawat kasaapi ng Partido at iba pang maaaring masangkot. At ang ikatlo'y ang pagtataguyod sa malusog na relasyong proletaryo ng mga mag-asawa sa loob ng Partido.

Ang kasalukuyang mga tuntunin ang pinal na bersyon ng borador na binalangkas ng KT-KS noong Abril 1977. Binago o dinagdagan ang ilang bahagi ng nasabing borador, ayon sa mga mungkahing mula sa rehiyon. Muling sinusugan ng Ika-10 Plenum ng Komite Sentral batay sa natipon nang mayamang karanasan at inamyendahan ng KTKS alinsunod sa diwa ng mga susog ng Ika-10 Plenum ng Komite Sentral.

Ang mga tuntunin natin ay nakabase sa mga proletaryong prinsipyo sa pag-aasawa at nagbibigay ng mga kongkretong patakaran para mahusay na maipatupad ang mga prinsipyong ito. Nililinaw ng ating mga tuntunin ang mga karapatan at tungkulin ng mga kasamang nagliligawan, magkasintahan o mag-asawa, at ng mga kolektibang kinabibilangan nila. Mahigpit na isinasaalang-alang ng mga tuntunin natin ang mga partikularidad ng buhay mag-asawa sa loob ng Partido habang tayo'y lumalaban pa para maagaw ang kapangyarihang pampulitika. Dahil dito, mas istrikto kaysa sa pwedeng ipalaganap sa labas ng Partido ang ilang tuntunin natin.

Sa kabuua'y wasto ang naging paghawak ng Partido sa usapin ng pag-aasawa, kahit noong wala pang istandard na mga tuntunin tungkol dito. Pinangibabaw natin ang mga proletaryong prinsipyo, pinangalagaan natin ang mga karapatan ng mga kasapi ng Partido, itinaguyod natin ang disiplina, at nagpunyagi tayong paunlarin ang relasyong mag-asawa na kapaki-pakinabang sa rebolusyon. Batay sa kanilang mga karanasan, nagkusa ang mga panrehiyong organisasyon ng Partido sa paggawa at pagpapairal sa kani-kanilang mga tuntunin.

Gayunman, sa paglabas ng istandard na mga tuntunin, inaasahan nating malulutas ang natitirang mga problema at mas aktibo pa nating mapauunlad ang relasyong mag-asawa sa loob ng Partido. Gusto nating alisin ang anumang malaking pagkakaiba sa ilang patakaran ng mga rehiyon. Kasabay nito, gusto nating iwasto ang ilang kaso ng labis na paghihigpit at labis na pagluluwag.

### *2. Bakit kailangan ang gawaing edukasyon tungkol sa pag-aasawa sa loob ng Partido?*

Sa loob ng Partido, gusto nating maging tunay na malusog at proletaryo ang relasyon ng mga magkasintahan at mag-asawa. Umiiral ang ganitong relasyon kung ito'y nakabatay sa pag-iibigan, salungat sa pagsasamantala't pang-aapi, at lalong nagpapatibay sa determinasyon ng magkarelasyon na puspusang tupdin ang kanilang mga tungkulin sa Partido at rebolusyon. Ang proletaryong relasyong mag-asawa ay tumitiyak din sa rebolusyonaryong pagpapalaki sa mga anak.

Inilalatag sa ating mga tuntunin ang mga kondisyong kailangan at ang mga gabay sa pagbubuo ng ganitong relasyon. Pero maraming usaping hindi tinatalakay o sapat na ipinaliliwanag sa ating mga tuntunin. Ang pangangailangang ito ay dapat punuan sa pamamagitan ng kolektibo at indibidwal na pag-aaral.

Kailangan din ang gawaing edukasyon para mahigpit na maipatupad ang ating mga tuntunin. Kailangang ipaintindi nang husto sa mga kasapi ng Partido ang mga prinsipyong basehan ng ating mga tuntunin. Sa gayon, magiging mulat ang pagsunod nila sa mga ito at mapatitingkad ang kanilang pagkukusa sa pagpapaalala o pagpuna sa ibang kasama, kung kinakailangan.

Ang gawaing edukasyon ay susi sa pagbaka sa mga impluwensya sa loob ng Partido ng mga ideyang pyudal at burgis tungkol sa pag-ibig at pag-aasawa, na laganap sa lipunan. Matagal nang itinataguyod ang mga maling ideyang ito ng mga naghaharing uri, ng relihiyon, at ng mga lumang kaugalian. Nagbubunga ito ng mga problema sa relasyong mag-asawa at nakapipinsala tuloy pati sa organisasyon at gawaing pampulitika ng Partido. Linawin natin sa lahat ng kasapi kung bakit mali ang mga ito at kung ano ang tama.

Sa nakaraan, napabayaan sa maraming yunit ng Partido ang gawaing edukasyon tungkol sa usaping ito. Kapansin-pansin ang mga kaso ng labis na paggamit sa mga regulasyon kahit sa mga pagkakataong mas kailangan at mas makabubuti ang paghikayat at ang paglilinaw sa mga prinsipyo. Dapat iwasto ang ganitong gawi at bigyan ng kaukulang pansin ang gawaing edukasyon tungkol sa pag-aasawa. Iwasan lang na kumain ng napakalaking panahon ng mga yunit at maging ng mga kasapi ng Partido ang pag-uusap sa mga usaping ito. Mahalagang linawin sa mga kasama ang mga prinsipyo natin sa pag-aasawa, pero menor ang gawaing ito kung ihahambing sa malalaking usaping pampulitika na hinaharap ng Partido ngayon.

### *3. Para sa magkasintahan o mag-asawa sa loob ng Partido, ano ang wastong relasyon ng pag-ibig (sex love) at ang pagmamahal sa kauri (class love)?*

Ang pag-ibig ay damdaming natural na sumisibol sa pagitan ng partikular na lalaki at babae pagdating sa hustong gulang. Ito'y produkto ng mga katangia't pangangailangang

emosyunal at pisikal ng tao. Nabubuo ang pag-ibig batay sa pagkakagustuhan sa mga personal na katangian.

Ang pagmamahal sa kauri naman ay ang buong-pusong pagyakap at pagtataguyod sa mga rebolusyonaryong mithiin ng proletaryado at walang humpay na paglaban sa pagsasamantala't pang-aapi. Ito'y bahagi ng kamalayang makauri ng mga proletaryong rebolusyonaryo at nakikita sa lubusang paglilingkod sa Partido, rebolusyon, at sambayanan.

Sa magkasintahan o mag-asawa sa loob ng Partido, kapwa kailangan at hindi mapaghihiwalay ang pag-ibig at pagmamahal sa kauri. Kailangan ang pag-ibig dahil ito ang nagbubuklod sa dalawang kasama sa relasyong magkasintahan o mag-asawa, na naiiba sa iba pang relasyon ng magkakasama. Kung wala ang pag-ibig, walang batayan ang relasyong mag-asawa o magkasintahan. Kailangan naman ang pagmamahal sa kauri dahil ito ang tatak ng anumang mahalagang ginagawa ng mga proletaryong rebolusyonaryo. Ito ang dapat mangibabaw sa lahat ng relasyon ng magkakasama.

Sa pagliligawan at pag-aasawa sa loob ng Partido, ang pag-ibig ay kagyat na naiimpluwensyahan at sumasanib sa pagmamahal sa kauri, mula sa pagpili ng iibigin hanggang sa pagdadala ng pamilya. Ang mga pamantayan at layuning rebolusyonaryo ay laging mapagpasya sa nagugustuhan at inaayawan ng isang proletaryong rebolusyonaryo; totoo ito maging sa usapin ng pag-ibig.

Sa kabuuan, ating ipinaiilalim ang pag-ibig sa pagmamahal sa kauri. Alinsunod sa ganitong relasyon ng dalawa sa pundamental na paninindigan ng mga proletaryong rebolusyonaryo: ang pagpapailalim ng personal na interes sa interes ng sambayanan.

Naipaiilalim ang pag-ibig sa pagmamahal sa kauri kung:

a. sa pagpili ng iibigin, napangingibabaw ang mga pamantayang rebolusyonaryo habang hindi kinakaligtaan ang mga batayang lubos na personal. Hindi ito nangangahulugan ng pagtatakda ng napakataas na pamantayan sa ideolohiya at pulitika. Ang pinakamahalaga'y matiyak muna na ang pipiliin ay aktibong susuporta at makakatuwang sa mga rebolusyonaryong gawain ng kasapi ng Partido na nasasangkot. Kaya hinihikayat natin ang mga kasapi ng Partido na pumili ng iibigin mula sa mga kapwa kasapi o malapit nang maging kasapi ng Partido.

b. Sa pakikitungo sa isa't isa, napangingibabaw ng magkasintahan o mag-asawa ang pagtugon sa mga rebolusyonaryong tungkulin ng bawat isa, at ang pagtutulungan para paunlarin ang rebolusyonaryong kamulatan at bakahin ang mga kahinaan nila.

k. makaprinsipyo ang paninindigan kahit sa mga usaping nasasangkot ang kasintahan o asawa. Ang relasyong magkasintahan o mag-asawa ay hindi hinahayaang makasagka sa pagbubuo ng Partido ng wastong pagsusuri at desisyon sa anumang usapin.

d. ang relasyong magkasintahan o mag-asawa ay hindi hinahayaang makasagabal sa pagtataguyod sa mga patakaran at sa disiplina ng Partido.

e. ang pag-iibigan ay hindi hinahayaang magbunga ng paglapastangan sa mga karapatan ng iba.

g. ang interes ng magkasintahan o mag-asawa ay hindi hinahayaang makapinsala sa interes ng rebolusyon at sambayanan. Dapat laging handang isakripisyo ang mga

personal na interes kapag mahigpit na hinihingi ito ng interes ng rebolusyon at sambayanan.

### *4. Ano ang mga maling ideyang matatagpuan sa loob ng Partido tungkol sa relasyon ng pag-ibig at pagmamahal sa kauri?*

Isang maling ideya ang pangingibabaw ng pag-ibig sa pagmamahal sa kauri. Ang kahulugan nito ay ang pangunguna ng interes ng relasyong personal sa interes ng sambayanan. Kung ganito ang paniniwala ng isang kasama, higit na pinahahalagahan niya ang makabubuti sa relasyong personal kaysa sa makabubuti sa Partido't rebolusyon, kapag nagkakasalungat ang interes ng dalawa. Kung hindi maaagapan ang pagbaka sa mapanganib na ideyang ito, maaari pang humantong ito sa tuluyang pagbitiw sa mga layunin at prinsipyong rebolusyonaryo.

Umiiral ang maling ideyang ito sa relasyong magkasintahan o mag-asawa kapag tuwirang nilalabag ang mga panuntunang nakahanay sa sagot sa ikatlong tanong. Kung gaano kalubha ang impluwensya ng ideyang ito sa isang relasyong magkasintahan o mag-asawa ay ganoon din ang pagiging hindi proletaryo ng relasyong ito.

Ang pangingibabaw ng pag-ibig sa pagmamahal sa kauri ay bunga ng mga indibidwalistang konsepto tungkol sa pag-ibig, na karaniwang dala-dala ng mga peti-burgis sa kalunsuran at kanayunan. Ang ubod ng mga konseptong ito ay ang lubos o higit na pagpapahalaga sa anumang gusto o kinasisiyahan ng sarili kahit ito'y makasasama sa interes ng mas nakararami. Minsan, ang mga ito'y nasa anyo ng anarkistang reaksyon ng mga peti-burgis sa mga restriksyon sa kalayaan sa pag-ibig, na idinidikta ng mga lumang kaugalian.

Malakas na nag-uudyok din sa pagpapangibabaw ng pag-ibig sa pagmamahal sa kauri ang mga impluwensya ng mga konseptong pyudal at burgis tungkol sa pagpapamilya. Idinidiin ng mga konseptong ito na ang pangunahing responsibilidad ng isang may pamilya, bukod sa kanyang sarili, ay sa kanyang pamilya.

Sa kabilang banda, mali rin ang ideyang makaisang-panig na nagdidiin sa mga batayan sa ideolohiya't pulitika at bumabale-wala sa mga batayang personal. Bunga naman ang ideyang ito ng ilang "kaliwang" konsepto tungkol sa pag-ibig na lumitaw sa loob ng Partido.

Mabuway ang ralasyong magkasintahan at mag-asawa na nabubuo sa impluwensya ng ideyang ito. Totoong may mga kasamang magkasintahan at mag-asawa na sa kalauna'y nakapagwasto sa ganitong paniniwala nila at nagtagumpay na paunlarin kapwa ang kanilang relasyon sa ideolohiya't pulitika at relasyong personal. Pero karaniwang dumadaan sila sa mga problemang dapat sana'y naiwasan kung sa simula pa'y hindi makaisang-panig ang pagtingin sa mga batayan ng relasyong magkasintahan at mag-asawa sa loob ng Partido.

Higit pa, maraming kasamang magkasintahan at mag-asawa ang madaling nanlamig sa relasyon, nabigatan dito, at naghiwalay dahil hindi nila napangibabawan ang pagiging mabuway ng relasyong personal na pinasukan nila.

Hindi lamang ang magkasintahan o mag-asawa ang apektado ng mga problemang ibinubunga ng maling ideyang ito. Madalas na napipinsala pati ang mga rebolusyonaryong gawain ng magkasintahan o mag-asawa at nagkakaproblema pati ang yunit ng Partido na kinabibilangan nila.

Isang anyo ng maling ideyang ito ang pagsangkalan sa mga gawain sa Partido para pagtakpan ang iresponsableng pakikitungo sa asawa. Hinihingi natin sa mga kasamang mag-asawa ang mga sakripisyo sa relasyong personal kung tunay na hinihingi ang mga ito (missing) nangangahulugan ng pagkunsinti sa iresponsableng pakikitungo sa asawa. Dapat bigyan ng karampatang puwang ang pagpapaunlad sa relasyong personal ng mga kasamang mag-asawa. Sa mga kasamang may mabibigat na tungkulin, kailangan ang mahusay na pagbabalak sa paggamit ng panahon para magampanan ito.

Sa ilang pagkakataon, ang maling ideyang ito ay nakakasangkapan para itulak ang kasamang babae na makipagkasintahan sa hindi niya iniibig. Sa ganitong pagkakataon, natatapakan pati ang kanyang saligang karaapatan sa malayang pagpili ng iibigin.

### *5. Ano ang wastong pananaw sa kababaihan? Bakit pundamental na usapin ito sa proletaryong relasyong magkasintahan o mag-asawa?*

Ang lahat ng kabilang sa uring pinagsasamantalahan at inaapi--- maging lalaki man o babae ay pinahihirapan ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Pero may dagdag na pasanin ang kababaihan; inaapi sila ng dominasyon ng kalalakihan sa loob at labas ng pamilya at ng mga kaugalia't ideyang pyudal at burgis na nagtataguyod sa dominasyong ito.

Mababa ang katayuan ng kababaihan sa kasalukuyang lipunan. Minanaliit ang kanilang kakayahan at maraming hadlang sa lubos na paglahok nila sa pagharap sa malalaking usapin sa lipunan; laganap ang kaisipang sila ay pangkusina at pangkama lang. Maging sa kanilang asawa.

Pinaninindigan ng Partido na ang kababaihan ay isang makapangyarihang pwersa na dapat organisahin at lubos na pakilusin para sa rebolusyon. Sila ay dapat na maging kapantay na katuwang ng kalalakihan sa pagbabago at pagpapatakbo ng lipunan at ng pamilya. Hindi magtatagumpay ang rebolusyon kung hindi malawakang pupukawin, oorganisahin at pakikilusin ang kababaihan. Samantalang sa kalakha'y dapat na patuloy na gumanap ng espesyal na papel ang kababaihan sa pagpapalaki ng mga anak, ang tungkuling ito'y hindi dapat na ipabalikat sa kanila lang at higit pa, dapat na masigasig na pasiglahin ang pagtupad nila sa mga gawain sa rebolusyon.

Sa kasalukuyan, ang pinakamahalaga para puspusang mapakilos sa rebolusyon ang kababaihan ay ang pag-aangat sa kanilang kamulatang pampulitika ang pag-oorganisa sa kanila, at ang pagtataguyod sa mga demokratikong karapatan nila sa loob at labas ng pamilya. Dapat bakahin ang mga ideyang nagmamaliit sa kababaihan at ang mga kaugaliang pagkakait sa kanila ng karapatan at pagkakataong lumahok sa mahahalagang usapin sa loob at labas ng bahay. Dapat ding iangat ang kamulatang pampulitika ng kababaihan para mapukaw ang kanilang interes sa mga usaping panlipunan, mapaunlad ang kanilang kakayahang lumahok sa rebolusyon, at mahikayat silang igiit ang kanilang mga karapatan. Dapat aktibong palahukin sila sa mga organisasyong pangkalahatan at bubuuin ang mga espesyal na organisasyong magbibigay ng natatanging pansin sa pagsusulong sa rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan.

Sa kabilang banda, tinututulan natin ang labis na pagpapatampok sa usapin ng pagpapalaya ng kababaihan at ang paghihiwalay nito sa pangkalahatang usapin ng pagpapalaya sa buong bansa at sa mga uring pinagsasamantalahan. Tinututulan natin ang "seksistang" pagdadala sa kilusan ng kababaihan, na nagpapakalulong sa "gyera ng lalaki at babae" at nakakaligtaan ang mas malalaki't mas mahahalagang pakikibakang pambansa

at makauri. Ang pagtataguyod sa mga demokratikong karapatan ng kababaihan at ang pagbaka sa mga pyudal at burgis na pananaw sa kanila ay dapat magsilbi sa puspusang pagpapakilos sa kanila sa rebolusyon at sa pagbubuklod ng mga uring pinagsasamantalahan at api para maituon ang pinakamalakas na hambalos sa mga kaaway ng bansa at mga kaaway sa uri. Kaugnay nito, sa pagsusulong ng kilusan ng kababaihan, dapat iwasan ang pagpapalaki sa usaping tulad ng hatian sa mga gawaing-bahay na bagama't marremedyuhan sa kasalukuyang praktika ng mga kasapi ng Partido at mga sulong na seksyon ng kilusang masa, ay hindi pa ganap na malulutas at hindi pa mababago sa pamumuhay ng malawak na masa, hangga't hindi nagaganap ang mga radikal na pagbabago sa mga relasyon sa produksyon at antas ng pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon. Ang kilusan ng kababaihan ay dapat mahigpit na isanib sa buong kilusang pambansa-demokratiko. At ang lubos na demokratisasyon ng pamilya at ang lubos na paglaya ng kababaihan sa mga restriksyon ng gawaing-bahay ay nakasalalay sa tagumpay ng rebolusyong sosyalista.

Espesyal sa pagbubuo ng proletaryong relasyong magkasintahan at mag-asawa ang wasto't proletaryong pananaw sa kababaihan. Kung malakas o nangingibabaw sa relasyon ang pyudal at burgis na mga pananaw sa kababaihan, hindi mabubuo ang relasyong nakabatay sa paggagalangan at nagpapaunlad sa rebolusyonaryong kamulatan at praktika ng bawat isa sa magkapares. Sa halip, ang iiral ay ang pagbalewala sa mga karapatan ng babae, ang pagsunud-sunuran niya sa lalaki, at ang pagpigil sa lubos na paglahok niya sa mga gawain sa rebolusyon.

Alinsunod sa pananaw ng Partido sa kababaihan, binibigyan natin ng partikular na pansin ang pagpapasigla sa rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan. Itinataguyod natin ang pantay na karapatan ng mga lalaki at babae sa loob at labas ng Partido. Sa loob ng relasyong mag-asawa, tinitiyak nating malusog na umiiral ang demokrasya at ang pagtutulungan sa mga gawain at paglutas sa mga problema. Itinataguyod natin ang institusyon sa kasal; isang layunin nito ang pagtatanggol sa kababaihan laban sa pagsasamantala ng kalalakihan. Itinataguyod natin ang pagpaplano ng pag-aanak para mabigyan ng mas malaking pagkakataon sa paglahok sa mga gawing rebolusyonaryo ang mga babaeng may-asawa. Pinangangalagaan natin ang karapatan ng mga babae na malayang pumili sa kanilang iibigin at tumanggi sa panliligaw ng hindi nila gusto. Kinikilala rin natin ang karapatan ng mga kasamang babae na magkusa sa panliligaw.

### *6. Bakit bago manligaw o maligawan ang isang kasapi ng Partido, kailangan ang pahintulot ng yunit ng Partido na kinabibilangan niya?*

Ang manligaw o maligawan ay karapatan ng sinumang kasapi ng Partido na walang kasintahan o asawa. Gayunman, kailangan ang pahintulot ng yunit na kinabibilangan ng nasasangkot na kasapi ng partido.

Kailangan ito upang:

a. Matiyak na nasa katayuan ang manliligaw at liligawan at napangangalagaan ang mga karapatan ng lahat ng nasasangkot. Tinitiyak na walang ibang malalapastangan ang karapatan kung ibibigay ang hinihinging pahintulot. Binabalanse rin ng Partido ang karapatan ng nais manligaw na ipahayag ang kanyang pag-ibig at ang karapatan ng nais ligawan na tanggapin o tanggihan ito.

b. Mabigyan ng kinakailangang oryentasyon at gabay ang mga nasasangkot.

k. Maisaalang-alang ang mga pangangailangan sa seguridad at sa mga gawain sa pagtatakda ng paraan ng ugnayan ng magliligawan.

Ipagkakait ang pahintulot kung nasasakop ang manliligaw o liligawan ng malilinaw na pagbabawal na nasa ating mga tuntunin. Ang pagbabawal na ito ay maaaring dahil sa:

a. napatunayang kontra-rebolusyonaryo o traydor sa rebolusyon ang manliligaw o liligawan.

b. ang manliligaw o liligawan ay malamang o napatunayan na nais ilayo sa rebolusyon ang kasapi ng Partido; at

k. may kasintahan o asawa na ang manliligaw o liligawan.

Maaaring pansamantalang ipagkait ang pahintulot kung nililigawan na ng iba ang nais ligawan. Ang layunin nito ay ang pag-iwas sa mga di pagkakaunawaan na maaaring ibunga ng pagiging magkaribal sa pag-ibig. Sa mga kasong ganito, titiyakin ng mga kinauukulang yunit ng Partido na wastong nababalanse ang karapatan ng bawat nanliligaw at ng nililigawan. Dapat bigyan ng makatwirang panahon ang unang nanliligaw na ipahayag ang kanyang pag-ibig at gumawa ng mga hakbang para matanggap ito. Samantala, hindi dapat pabayaang napakatagal ng paghihintay ng iba pang nais manligaw. At dapat isaalang-alang lagi ang kagustuhan ng nililigawan.

Maaari ding hindi ibigay agad ang pahintulot kung ang nais manligaw o liligawan ay may malalaking problema sa kanyang gawain sa Partido at tinatantyang ang panliligaw o pagpapaligaw ay hindi makatutulong sa maagap na paglutas sa mga problema.

Para sa mga kasaping nasa mga yunit ng hukbong bayan o ibang buong-panahong gawain, may malinaw na probisyon sa tagal ng serbisyo na kailangang matapos bago makapanligaw o maligawan. May ganitong probisyon para sa unang taon ay maibuhos ang pansin at panahon ng mga kasapi ng Partido sa paggamay sa mga gawain at mga hinihingi ng bagong tungkulin.

Sa saligan, ang isang kasamang tinanggap bilang kasapi ng Partido ay handa nang manligaw at maligawan. Pero kung batambata pa ang kasapi ng Partido at bagong rekrut pa siya, mabuti ring hikayatin siya na ipagpaliban muna ang panliligaw. Mas magaling kung hintayin niya ang pagtuntong sa 21 taong gulang at kahit man lang isang taon sa pagiging kasapi, bago siya manligaw. Sa gayon, makakapagkonsentra siya sa pagpapahusay ng kanyang kakayahan sa pagtupad sa mga tungkulin sa loob ng Partido. Kung sa kabila ng paghihikayat ay talagang desididong manligaw ang kasapi ng Partido, hindi maaaring ipagkait ang pahintulot.

Liban sa mga kasong malinaw na ipinagbawal sa ating mga tuntunin, sa kabuua'y dapat maging mapagbigay sa kalayaan ng mga kasapi ng Partido sa panliligaw. Huwag daanin sa regulasyon ang pagsaway sa napakagaang panliligaw ng mga bagong rekrut sa Partido. Gamitin ang panghihikayat, ang gawaing edukasyon at ang pagpapatingkad ng interes ng mga bagong rekrut sa mga gawain sa Partido.

### *7. Bago ang kasal, bakit kailangan ang sapat na panahon sa pagiging magkasintahan?*

Isinasaad sa ating mga tuntunin na ang kasal ay seryosong bagay na dapat mahusay na paghandaan ng mga nais magpakasal at ng kinauukulang yunit o mga yunit ng Partido.

Kaya hindi dapat magpadalus-dalos at hindi dapat magaanin ang pagpasok dito. Kaya bago ang kasal, kailangan ang sapat na panahon sa pagiging magkasintahan

Sa panahong ito ginagawa ang mga paghahanda sa pag-aasawa. Tinitiyak ng magkasintahan kung tunay ngang desidido sila sa relasyon at kung desidido'y lalo nilang pinatitibay ang relasyon. Pinalalalim nila ang nalalaman sa katangian ng isa't isa, ginagamay nila ang mahusay na pakikitungo sa isa't isa, pinauunlad nila ang kanilang pag-uunawaan sa iba't ibang usapin at bagay na may kaugnayan sa kanilang relasyon at mga gawain sa Partido, at pinalalakas nila ang pagtitinginang nakabase sa paggagalangan, pagtutulungan at pagpuna't pagpuna sa sarili.

Pinag-aaralan na ng magkasintahan, sa panahong ito, ang mga prinsipyo ng proletaryong relasyong mag-asawa at naghahanda na sila sa mga responsibilidad at pangangailangan ng pagpapamilya. Nagbabalak at sinisimulan na nila ang mga kongkretong hakbang para matugunan ang bagong kalagayan, mga bagong gawain at mga inaasahang pangangailangan ng buhay may-asawa sa loob ng Partido.

Tutulong sa paghahanda ng magkasintahan ang yunit o mga yunit ng Partido na kinabibilangan nila. Ang magkasintahan ay bibigyan ng oryentasyon sa pagpapaunlad ng relasyon at sa mga prinsipyo ng proletaryong relasyong mag-asawa. Gagabayan at tutulungan sila sa pagharap sa mga problemang nakakaharap ng relasyon. Kung kinakailangan at ipinahihintulot ng kalagayan, inihahanda ang pagbabago ng lugar at gawaing kinatatalagahan ng magkasintahan para magkasama sila kapag ikinasal na.

Sa panahong magkasintahan, maaari ding mapatunayan ng magkapares na hindi sapat ang batayan ng kanilang relasyon. Kung gayon, mapuputol ang relasyon nang mas kaunti ang kumplikasyon.

Sa ating mga tuntunin, minamabuting hindi bababa sa isang taon ang pagliligawan at pagiging magkasintahan bago pahintulutan ang kasal. Kabilang sa isasaalang-alang dito ang mga magkasintahan na may edad na o matagal nang magkakilala.

### *8. Bakit natin itinataguyod ang institusyon sa kasal?*

Ang esensya ng kasal ay ang pagkakasundo ng isang lalaki at babae na maging mag-asawa sa loob ng relasyong monogamo at ang pagkakasundong ito ay pormal na kinikilala ng lipunan sa pamamagitan ng basbas ng estado.

Ang pyudal at burgis na kasal ay pormal na kumikilala rin sa katangiang monogamo ng relasyong mag-asawa. Pero kasabay ng ganitong pagkilala ay kinukunsinti ng sistemang pyudal at burgis ang prostitusyon, lantad man o tago.

Kaya karaniwang sa pyudal at burgis na kasal, ang monogamya ay para sa babae lamang. Samantalang sa proletaryadong kasal, mahigpit na ipinatutupad ang monogamong relasyon kapwa para sa lalaki at babae.

Higit pa, ang proletaryong kasal ay nakabatay sa pag-ibig at pantay na karapatan ng lalaki at babae samantalang ang pyudal at burgis na kasal ay nakabatay sa dominasyon ng lalaki sa babae at madalas na pinangingibabawan ng mga konsiderasyong salungat sa kalayaan sa pag-ibig—tulad ng pagdidikta ng magulang, pamimilit sa babae at paghahabol sa yaman o posisyon sa lipunan.

Itinataguyod natin ang proletaryong kasal laban sa pyudal at burgis na kasal. Itinataguyod din natin ito laban sa anarkismo sa pag-ibig.

Kailangan ang institusyon sa kasal para pangalagaan ang kapakanan ng mga babae laban sa pagsasamantla ng mga lalaki. Ang pananagutan sa kasal ay hindi lamang pananagutan sa asawa kundi sa lipunan din. Kailangan din ang institusyon sa kasal para malinaw na maitakda ang hangganan ng pakikipagrelasyon ng iba sa mga taong may-asawa na. Sa pagtataguyod sa institusyong ito, itinataguyod din natin ang responsableng pakikitungo sa relasyong mag-asawa at nilalabanan natin ang pagpasok o pagputol sa relasyong mag-asawa base sa marurupok na dahilan.

Sa kasalukuyan, kinikilala natin ang kontrata sa kasal na pinasukan sa labas ng Partido. Gayunman, binabago natin ang oryentasyon ng relasyon ng mga kasamang ikinasal sa labas ng Partido.

Alinsunod sa pagtataguyod natin sa institusyon sa kasal, ipinagbabawal natin ang pagtatalik ng magkasintahan bago ang kasal. Ang pagkukunsinti sa pagtatalik bago ang kasal ay nag-uudyok sa maluwag na moralidad na nakapagpapahina sa rebolusyonaryong diwa ng mga kasapi ng Partido, nagdudulot ng mga gusot sa loob ng organisasyon, at nakasisira sa prestihiyo ng Partido. Salungat din ito sa seryoso at responsableng pagpasok sa relasyong mag-asawa.(reformulate)

Mahigpit na ipinagbabawal din natin ng panliligaw ng mga may asawa na o sa mga may asawa na, ang pagdadalawang asawa, ang pakikipagtalik sa hindi asawa.

### *9. Ano ang mga tungkulin ng mga yunit ng Partido sa pagpapaunlad ng relasyon ng mga kasamang mag-asawa?*

Bukod sa pagpupunyagi ng mag-asawa na patatagin ang pundasyon ng kanilang relasyon, kailangan ang tulong ng mga yunit ng Partido. Gayunman, sa pagtulong ng mga yunit ng Partido, iwasan ang sobrang pakikialam sa mga napakapersonal na bahagi ng relasyon ng mag-asawa.

Dapat ipaunawa ng yunit ng Partido sa mag-asawa ang pantay na karapatan ng isa't isa na kailangan nilang igalang. Ang ibang kasama, laluna iyong mga matagal nang may-asawa, ay dapat magbahagi ng kanilang karanasan sa pag-aasawa. Tungkulin ng mga yunit ng Partido na bigyan ng edukasyon sa seks at pagpaplano ng pamilya ang mga kasamang ikakasal o mag-aasawa na. Pwede itong gawin sa mga pag-uusap na di pormal. Ang mga kasamang babae ay maaaring magpayo sa ibang kasamang babae; gayundin ang mga kasamang lalaki. Hindi dapat magkahiyaan at dapat alisin ang malisya sa pag-uusap tungkol dito.

Tungkulin ng mga yunit ng Partido na punahin ang mag-asawa sa kanilang mga pagkakamali't pagkukulang sa pagdadala ng relasyon, habang pinatitingkad ang kanilang mga katangiang positibo.

Tutulong ang Partido sa mag-asawa, pati mga anak nila, na isaayos ang kanilang pamilya upang magampanan nila ng mahusay ang mga rebolusyonaryong tungkulin. Ang tulong ay ibibigay ng Partido sa pamamagitan ng yunit o mga yunit na kinabibilangan ng mag-asawa.

Sa mga kaso na hindi maaasikaso ng mga magulang ang mga anak na umaasa pa sa kanila, tutulungan ng Partido ang naturang mga magulang na ipaalaga ang bata sa mga kamag-anak na hindi pa gaanong mulat, sikaping mulatin sila hindi lamang para sa kanilang indibidwal na pag-unlad kundi para din sa wastong pagpapalaki sa bata.

Pangkalahatang patakaran natin ang pagtatalaga sa mag-asawa sa iisa o magkalapit na yunit ng Partido upang makapamuhay sila bilang mag-asawa.

### *10. Ano ang papel ng mga saksi o isponsor sa kasal?*

Itinatakda ng ating mga tuntunin na kailangan ang tatlo o higit pang saksi o isponsor, bukod sa pahintulot ng kinauukulang yunit ng Partido, para maging balido ang kasal.

Tungkulin ng mga saksi o isponsor na ibahagi sa mga ikinakasal ang kanilang nalalaman at karanasan hinggil sa pag-aasawa at pagpapamilya sa loob ng Partido. Magbibigay sila ng mga payo at mungkahi sa ikinakasal.

Pagkatapos ng kasal, dapat sikapin ng mga saksi o isponsor na kumustahin sa pana-panahon ang kalagayan ng mag-asawa at pamilya nila. Maaari silang hingan ng tulong ng mag-asawa para malutas ang mga problemang lumilitaw sa relasyon.

Ang dapat piliing mga saksi o isponsor ay iyong may mayaman-yaman nang karanasan sa rebolusyon at relasyong mag-asawa. Ito ang dahilan kung bakit itinatakda ng ating mga tuntunin na kailangang ganap na kasapi kahit man lamang ang dalawa sa mga saksi o isponsor.

### *11. Ano ang mga tungkulin ng mga kasamang mag-asawa?*

Tungkulin ng mag-asawa na ihapag sa yunit o mga yunit ng Partido na kinabibilangan nila ang anumang problema sa relasyon o sa sarili na may kaugnayan sa katatagan ng kanilang relasyon o makakaapekto sa rebolusyonaryong gawain nila. Kabilang sa isasangguni nila sa kolektiba ang anumang planong magkaroon ng anak para mapaghandaan ito pati ng yunit ng Partido na kinabibilangan nila.

Gagamitin ng mag-asawa ang paghimok at pamumuna't pagpuna sa sarili upang iwasto ang kamalian at kahinaan nila bilang mga kasapi ng Partido at bilang mag-asawa. Mahusay kung sa pana-panahon ay naglalagom ang mag-asawa ng mga karanasan sa relasyon para mahigpit ang pagkakaisa nila sa pagharap sa mga suliranin at usaping may kinalaman sa kanilang relasyon.

Dapat mamuhay nang simple at matipid, at umiwas sa luho ang lahat ng mag-asawa sa loob ng Partido. Kung naghahanap-buhay ang mag-asawa o isa sa kanila, o tumatanggap sila ng regular na sustento mula sa mga kamag-anak, ibibigay nila sa Partido ang kitang sobra sa kailangan sa patuloy at mabisang pagganap sa kanilang mga tungkulin.

Ang mag-asawa sa loob ng Partido ay dapat magkusang ibahagi ang kanilang kaluwagan sa buhay at mga karanasan sa sinumang kasamang mag-asawa na naaabot nila at nahaharap sa kahirapan.

Pangangalagaan ng mag-asawa ang rebolusyonaryong edukasyon ng anak nila at magsisikap silang buuin ang isang pamilyang Komunista. Itatanim nila sa isip ng kanilang mga anak ang pagmamahal sa rebolusyon at sa masa, at ang diwa ng simple't matipid na pamumuhay.

Dapat magplano ng pamilya ang mag-asawa. Minamarapat natin ang kakaunting anak at panganganak nang may ilang taong patlang. Ang layunin nito ay ang pagbibigay sa

kasamang babae ng pinakamalaking pagkakataong maaari para lubusang makalahok sa mga rebolusyonaryong gawain. Kung napaplano ang panganganak, mas mahusay ding napaghahandaan ang mga pangangailangan sa pagpapalaki sa bata. Sa kabuuan, ang maraming anak at madalas na panganganak ay nagiging pabigat sa kasamang mag-asawa, sa kanilang mga rebolusyonaryong gawain, at sa mga yunit ng Partido na kinabibilangan nila.

### *12. Ano ang pagtingin natin sa diborsyo?*

Ang diborsyo ay ang paglusaw sa relasyong mag-asawa. Naniniwala tayong dapat ipahintulot ang diborsyo kapag wala nang batayan ang pagpapatuloy ng relasyong mag-asawa dahil sa mga konsiderasyong pampulitika, pisikal, mental o emosyonal. Hindi dapat piliting magpatuloy sa kanilang relasyon ang mag-asawa kung ito'y nakapipinsala na sa sinuman sa kanila at sa rebolusyon.

Gayunman, dahil sa sinisikap nating tiyakin ang matibay na pundasyon ng relasyon bago pahintulutan ang pagpapakasal at patuloy na pinatatatag natin ang pundasyong ito pagkatapos ng kasal, hangga't maaari ay pinipigilan natin ang pagbaling sa diborsyo para lutasin ang mga suliranin ng mag-asawa, laluna ng mga may-anak.

Ang pagkilala sa karapatan sa diborsyo ay likas na bahagi ng pagkilala sa demokratikong karapatan sa malayang pagpili sa iibigin. Kapag sa halip na nakapagbibigay ng kabutihang mental at emosyonal at nakapagpapasigla ng pagkilos sa rebolusyon, ang relasyong mag-asawa ay nagiging malaking pabigat na sa sinuman sa mag-asawa at sa mga gawain nila sa rebolusyon, makatwiran lang na kilalanin ang karapatang makalabas sa gayong relasyon. Hindi dapat ituring ang kasal bilang isang kontrata na hindi kailanman matatakasan basta't napasukan na, kahit labag na sa loob at nakapipinsala na ang pagpapatuloy ng bisa nito. Sa kabilang banda, pinatitibay natin ang institusyon sa kasal at mahigpit na tinututulan natin ang pagpasok at paglabas dito nang base lang sa marurupok na dahilan. Dapat tiyaking ang karapatan sa diborsyo ay hindi nakakasangkapan para sa simpleng pagtakas sa mga responsibilidad sa relasyon at para pagbigyan ang kapritsosong pagtingin at pagtangan sa pag-aasawa.

Kailangan kapwa ang pagkilala sa karapatan sa diborsyo at ang maingat na paghawak dito. Nasa gitna tayo ng napakaigting na labanan at dahil dito'y may mga dislokasyon at napakaraming pagsubok sa relasyon ng mag-asawa, laluna sa loob ng Partido. Kaya higit sa lahat hinihingi natin ang ibayong paghahanda sa pag-aasawa sa loob ng Partido. Pero kung sa kabila ng mga ito at dahil sa mga di maagwantahang epekto ng napakaigting na labanan ay masira ang partikular na mga relasyong mag-asawa at kailangang pormal na lusawin ito para sa kapanatagan ng loob ng mga nasasangkot, dapat kilalanin ang karapatan nila sa diborsyo. Sa kabilang banda, dahil din sa mga di normal na kalagayan ng relasyon ng mga mag-asawa sa loob ng Partido, dapat na huwag maging padalus-dalos sa pagbaling sa diborsyo at subukan ang iba't ibang paraan ng pagliligtas sa relasyon bago lusawin ito.

Nililinaw sa ating mga tuntunin ang mga basehan sa pagkakaloob ng diborsyo, gayundin ang proseso ng pagdinig at pagpapasya rito. Kailangang tiyaking hindi arbitraryo ang pagpapasya sa mga aplikasyon sa diborsyo. Dapat masusing siyasatin ang mga batayan ng paghingi ng diborsyo, pakinggang mabuti ang iba't ibang panig, hayaang malayang magpaliwanag ang mga nasasangkot, at hangga't maaari'y pagharapin sila habang dinidinig at kapag pinagpapasyahan na ang aplikasyon sa diborsyo.

Kung magdiborsyo sa loob ng Partido at nananatili ang pagkakaisa sa pulitika ng dating mag-asawa, dapat ipagpatuloy nila ang mahusay na pagtuturingan bilang magkasama. Iwasan ang paninira sa isa't isa, maging patago man o hayag, laluna sa harap ng mga anak.

Kung may anak, pantay ang mga karapatan at tungkulin ng dating mag-asawa na sumubaybay bilang magulang sa pagpapalaki sa anak. Dapat silang magtulungan sa wastong pagpapalaki sa bata at sa paglutas sa mga suliraning kaugnay nito. Titiyakin ng yunit ng Partido na mahusay na napangangalagaan ang mga anak ng mga kasamang nagdiborsyo.

### *13. Bakit naninindigan ang Partido sa paggalang at pagkilala sa karapatan sa pagpili sa kasarian ng indibidwal na kasapi ng Partido?*

Tutol ang Partido sa anumang uri ng diskriminasyon, pang-aapi at pagsasamantala na umiiral sa lipunan. Bahagi dito ang pagtutol sa diskriminasyong nakabatay sa piniling kasarian, sa pagkakait ng mga karapatan at oportunidad batay sa piniling kasarian. Nakabatay ang pagsapi sa Partido sa pagkilala at pagtataguyod sa MLKMZ bilang ideolohiya ng proletaryado, sa saligang batas ng Partido Komunista ng Pilipinas at sa kahandaang magrebolusyon. Walang dahilan upang ang isang indibidwal na tumutugon sa ganitong mga rekisito ay tanggihan ng Partido dahil lamang sa mayroon siyang naiibang piniling kasarian.

Gayunman, ang mga prinsipyo at tuntunin ng Partido ang saligang gabay sa personal na buhay ng mga Komunista. Kaya't marapat lamang na iayon ng sinumang kasapi ng Partido na may ibang piniling kasarian, tulad din ng iba pang kasapi ng Partido, ang kondukta ng kanyang personal na mga relasyon alinsunod sa mga ito.

Dapat mulat na bakahin ang mga sektaryong pananaw at aktitud, ang prehudisyal na pakikitungo at di magandang pagpapalagay sa pagkatao ng mga indibidwal na may ibang piniling kasarian.

### *14. Ilang obserbasyon sa mga aksyong pandisiplina sa paglabag sa mga tuntunin:*

Sa pagtataguyod sa ating mga tuntunin at prinsipyo tungkol sa pagliligawan at pag-aasawa, parehong kailangan ang regulasyon at edukasyon. Hindi maaaring puro regulasyon lamang dahil gusto nating maging kusa at mulat ang pagsunod ng mga kasama sa ating mga tuntunin. Hindi rin maaari ang puro edukasyon lamang dahil kalangang malinaw na itakda ang mga karapatan at tungkulin ng bawat isa, at malakipan ang ating mga prinsipyo ng awtoridad ng organisasyon na dapat sundin ng lahat ng kasapi.

Sa pakikitungo sa mga paglabag sa ating mga tuntunin, kailangang balansehin ang disiplina at indibidwal na kalayaan, at ang katatagan sa prinsipyo at pag-unawa. Dapat iwasan ang labis na paghihigpit at ang labis na pagluluwag, at pangibabawin ang diwa ng pagtulong sa mga kasamang nagkakamali.

Ang labis na paghihigpit ay karaniwang ibinubunga ng pag-aakalang kailangan ito para mapigilan ang mga paglabag sa mga tuntunin. Kaakibat nito ang labis na pagsandig sa mga regulasyon at ang pagkukulang sa gawaing edukasyon. Sa halip na makatulong sa pagpapatatag sa organisasyon, ang labis na paghihigpit ay nagbubunga ng di malulusog

na pananaw, tulad ng paglilihim sa Partido, at nakakasira sa pagtitiwala ng mga kasapi sa malawak na pag-unawa ng organisasyon.

Liberalismo naman ang katangian ng labis na pagluluwag. Kailangang aktibong ipagtanggol natin ang ating mga prinsipyo at alinsunod dito'y disiplinahin ang mga kasamang lumalampas sa karapat-dapat. Kung hindi, malilito ang mga kasama sa pagkilala sa mali at tama at magiging buhaghag ang ating organisasyon.

Ang pangunahing batayan ng aksyong pandisiplina ay ang aktwal na lubha ng paglabag. Samantalang lubos na isinasaalang-alang ang mga sirkunstansyang nagpapabigat at nagpapagaan, iwasan na ang mga ito ang maging mapagpasya sa pagtatakda ng aksyong pandisiplina. Kung gayon, ang mga paglabag na pareho ang katangian at lubha ay magkakapareho, sa saligan, ang tatanggaping aksyong pandisiplina. Magkakaroon lamang ng pagkakaiba ang mga ito depende sa mga sirkunstansyang nagpapabigat at nagpapagaan.

Alinsunod sa pagiging mapagbigay sa kalayaan ng mga kasapi ng Partido sa paglilinaw, liban sa mabibigat na kasong tahasang ipinagbabawal ng ating mga tuntunin, dapat iwasan ang mahigpit na pakikitungo sa mga kaso ng panliligaw nang walang pahintulot. Kadalasan, ang ganitong kaso ay mapakikitunguhan nang wasto kahit walang aksyong pandisiplina.

Sa mga kaso ng pagtatalik ng magkasintan bago ang kasal, pangalagaan ang kapakanan ng kasamang babae. Kung may sapat na batayan at kahandaan ang mga nasasangkot, kahit wala pa sa taning, mas mabuting ikasal ang magkasintahan. Kailangan ito laluna kapag nagbunga ang pagtatalik.

Dapat tulungang makaiwas sa pagtatalik ng mga magkasintahan bago ang kasal. Kailangan din ang gawaing edukasyon tungkol sa kasal at pag-aasawa para maiwasan ang mga kasong ito.

Hindi nilalapatan ng aksyong pandisiplina ang mga magkasintahang nagtalik bago ang kasal lalupa't seryoso sa pagpupunyagi sa kanilang relasyon ang magkasintahan. Gayunman, sila ay dapat paalalahanan sa mga implikasyon nito laluna kung hindi pa handang magpakasal.

Napapansin sa ilang bahagi bg organisasyon ng Partido na ang mga kalabisang nangyari sa nakaraan ay nakakasagka sa wastong paghawak sa mga aksyong pandisiplina sa mga kaso sa panliligaw at pag-aasawa. Dapat lagumin ang mga nakaraang karanasan at linawin sa organisasyon ang tama at mali. Sa gayon, mahusay na matututo tayo sa mga nakaraang karanasan, mabilis na maiwawasto ang mga pagkakamali, at mapauunlad ang pakikitungo sa mga usaping ito, sa halip na maging bagahe sa pagpapatupad sa wastong patakaran ang mga nakaraang pagkakamali.

Alinsunod sa kasalukuyang mga patakaran at tuntunin sa paglalapat ng aksyong pandisiplina, dapat repasuhin ang mga nakaraang kaso na napakabigat o napakagaan ng aksyong pandisiplina kung ihahambing sa nagawang paglabag. Sa pangkalahatan, ang pagwawasto sa mga iyon ay idadaan lang sa pagtutuwid sa kanilang rekord sa Partido. Sa mga kasong malaki ang ibinigat sa nararapat ng aksyong pandisiplina, maaaring baguhin ang kasalukuyang disposisyon ng nasasangkot bastat hindi ito magbubunga ng mga disloksyon sa organisasyon at mga gawain. Maaari ding baguhin ang kasalukuyang katayuan at disposisyon ng mga kasamang nakalabag sa nakaraan na mas magaan kaysa sa nararapat ang tinanggap na aksyong pandisiplina, kapag malubha ang naging paglabag. Sa pagrerepasong gagawin at sa pagpapasya kung may magiging epekto sa katayuan at disposisyon ngayon ng mga nasasangkot ang resulta ng pagrerepaso, lubos na

isaalang-alang ang tagal ng panahong nagdaan na, ang naging aktwal na rekord sa panahong iyon ng mga nasasangkot at ang mga naging pagbabago sa kalagayan at mga gawain ng Partido. Ang pangunahing layunin ng pagrerepaso ay ang pagwawaksi sa mga bagahe, pagpapahigpit pa sa pagkakaisa ng Partido, at higit pang pagpapasigla sa pagkukusa at pagkilos ng mga kasapi ng Partido. Iwasang magbunga ito ng walang katuturang paghalungkat sa mga nakaraang alitan at ng mga sisihan. Pangibabawin ang diwa ng pag-aaral para matuto sa nakaraang mga pagkakamali at ang pag-uunawaan.